

## ACTIVITY

- A. Gamit ang mga salitang nakalista sa word bank. Hanapin ang mga salita sa word puzzle. Bilugan o i-highlight ito.

D	Q	M	N	W	E	N	R	B	T	V	Y	D	C	E	U	X
O	J	S	O	K	A	L	P	L	O	T	S	A	P	Z	L	O
K	D	H	O	F	G	S	H	I	L	O	H	V	Q	W	E	I
G	K	L	N	P	O	I	U	Y	U	T	R	I	I	R	A	H
N	J	H	I	G	S	F	D	S	K	A	Z	D	X	C	V	A
I	P	S	G	K	A	A	L	M	A	N	B	S	A	U	L	N
L	Q	G	N	F	W	R	M	S	N	Z	P	Q	T	M	A	N
I	S	R	A	E	L	B	V	U	R	O	X	N	E	W	L	A
L	E	D	P	G	H	U	T	Q	E	A	V	R	P	I	D	H
G	P	O	I	U	Y	T	R	E	B	W	Q	A	O	S	D	F
A	N	I	G	N	A	L	A	N	A	P	L	K	R	J	H	G
P	X	S	A	S	E	R	D	O	T	E	M	N	P	B	V	C

### Word Bank

Saserdote      Eli      Paglilingkod      Samuel      Panalangin  
 Pastol      Tabernakulo      Saul      Hannah      Shiloh  
 Panginoon      Propeta      Israel      Hari      David

- B. Tama o Mali. Lagyan ng check ang box kung ang pangungusap ay tama at ekis kung ito ay mali. Kung ang pangungusap ay mali, lagyan ng salungguhit ang salita/mga salitang nagpamali nito.

1. Si Sarah ay nanalangin ng taimtim upang magka-anak ng lalaki.
2. Si Aaron ang mataas na saserdote na pinaglingkuran ni Samuel sa tabernakulo.
3. Isang gabi habang natutulog si Samuel, nakarinig siya ng isang tinig.
4. Sumagot si Samuel at sinabing, "Narito po ako natutulog".
5. Sa pag-uutos ng Diyos, hinirang ni Samuel si Saul bilang unang hari ng Israel.
6. Matanda na si Samuel nang dinala siya ni Hannah kay Eli.

- 7. Naglingkod sa Diyos si Samuel sa pamamagitan ng pagiging propeta at hukom ng Israel.
- 8. Matutuhan sa kwento ni Samuel ang kahalagahan ng pakikinig, pagtitiwala at pagsunod sa utos ng Diyos.

Matutuhan sa kuwento ni Samuel na sa simula pa ay may espesyal na plano ang Diyos para sa kanyang buhay. Ang planong ito ay natupad sapagkat nakinig, nagtiwala at sumunod siya sa Diyos ng buong buhay niya. Ang Diyos ay may espesyal na layunin sa bawat isa sa atin at nais Niya na gamitin natin ang ating mga biyaya at talento upang maglingkod sa Kanya at sa iba. Maisasakatuparan lamang natin ito gaya ni Samuel kung tayo rin ay makikinig, magtitiwala at susunod sa Kanya.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Si Ethan ay isang 11 year old na bata, na may kahanga-hangang galing sa Math. Sa tuwing siya ay nagsasagot ng mga equations or problem solving activities sa Math, nakikita niyang parang sumasayaw ang mga numero sa kanyang isip kaya't madali at walang kahirap-hirap na nasasagot niya ang mga ito. Alam ng kanyang magulang ang bukod-tanging galing ng anak kaya naman lagi nila itong pinapaalalahanan na gamitin ng mahusay ito at sa mabuting paraang nakakapagbigay lugod sa Diyos. Ngunit bagaman ang kanyang kagalingan ay maaaring maging isang puwersa para sa kabutihan, ang mga pangarap ni Ethan ay lumaki at patungo ito sa madilim na landas.

Noong simula, ginagamit ni Ethan ang kanyang galing sa pamamagitan ng pagtulong sa kanyang mga kaklase sa kanilang takdang-aralin. Matyaga niya silang tinuturuan upang masagot nila ito. Sa simula ay nanatiling mapagkumbaba si Ethan sa mga papuri na kanyang natatanggap. Ngunit habang tumatagal, dumadami ang kanyang tagahanga at natatanggap na papuri mula sa kanyang mga kasamahan. Bunga nito ay unti-unting lumaki ang kanyang ulo. Hindi na nakuntento si Ethan sa pagtulong, sa halip ay nagpapabayad na siya at siya na mismo ang gumagawa ng mga ito. Nagnanais siya ng hamon, isang bagay na talaga namang magpapakita ng kanyang kahusayan.

Isang araw, naghangad na si Ethan ng mga mas challenging at kumplikadong suliranin sa Math kaya't nag-search ito sa internet. Natuklasan ni Ethan ang isang forum kung saan pinag-uusapan ng mga tao ang mga kumplikadong suliranin sa matematika.

Sa paglaki ng kanyang kagalingan, lumaki rin ang kanyang pagnanais na maging tanyag. Sa kanyang paghahangad ng katanyagan, nagsimula si Ethan na gamitin ang galing para sa pansariling kapakinabangan. Natuklasan niya ang mga paraan upang mandaya at

manloko sa card games at iba pang game of chance. Naiisahan niya ang ibang mga kalaro at unti-unting nililimas ang kanilang mga pera. Sa bawat tagumpay, lumaki ang kanyang ego, at dahan-dahang nakalimot sa mga pangaral ng magulang at guro.

Mga Tanong:

1. Base sa kwento, ano ang tamang ginagawa ni Ethan?

---

2. Ano naman ang maling ginawa ni Ethan?

---

3. Ano sa iyong palagay ang maaaring mangyari sa kanya kung ipagpapatuloy niya ang kaniyang ginagawa?

---

4. Kung ikaw ay kaibigan ni Ethan, ano ang ipapayo mo sa kanya?

---

5. Ano ang pagkakaiba ni Ethan kay Samuel noong ito ay bata pa?

---

Ang mga batang tulad natin ay may iba't-ibang talento at kakayahan na mula sa Diyos. Ipinagkaloob Niya ito upang gamitin natin ng may kahusayan at para makatulong sa ibang tao. Ang lahat ng papuri na ating matatanggap ay ating ibigay sa Diyos na Siyang nagkaloob sa atin ng mga ito.



D. Memory Verse

Salita mo'y isang tanglaw na sa akin ay patnubay, sa landas kong daraanan, liwanag na tumatanglaw. **Mga Awit 119:105**